

# ALAM MO BA KUNG ANO ANG CLIMATE CHANGE?

Ang climate change o pagbabago ng klima ay isang natural na proseso na nagaganap sa loob ng 100 taon o higit pa.

Ang usap-usapan ngayon tungkol sa climate change ay dulot ng global warming o ang pandaigdigang pag-init.

Ang pagkapal ng mga greenhouse gases sa atmospera ay nagiging dahilan upang hindi makasingaw ang rabaw init (*surface temperature*) palabas sa kalawakan. Sa halip, ito ay nananatili at nagdudulot ng pagtaas ng temperatura ng mundo.

Ang mga halimbawa ng greenhouse gases ay ang methane na galing sa mga nabubulok na basura at carbon dioxide na lumalabas kapag sinusunog ang mga fossil fuels na karaniwang ginagamit sa paglikha ng kuryente at gasolina.

# ANU-ANO ANG MGA EPEKTO NG CLIMATE CHANGE?

Ang patuloy na pag-init ng mundo ay dahilan ng pagkakaroon ng matitindi at madadalas na pagbabago ng lagay ng panahon.

Dahil dito, nagdudulot ang pagbabago sa panahon ng masasamang epekto sa ating kalusugan, tirahan, pagkain, pangkabuhayan at kalikasan.

Pagkakaroon ng tagtuyot na dahilan sa pagkasira ng mga pananim.

Dahil sa mainit na panahon dumadami ang mga lamok na nagpapalaganap ng sakit na dengue.

Mas matinding pag-ulan na nagdudulot ng pagbaha.

Pagkamatay ng mga bahura dahil sa pagtaas ng temperatura ng tubig-dagat.

# MGA HAKBANG NA DAPAT GAWIN PARA SA PAGHUMPAY SA SANHI NG CLIMATE CHANGE AT PAG ANGKOP SA EPEKTO NITO:

## PAGHUMPAY

• Ang mga nabubulok na basura ay naglalabas ng methane na isang sanhi ng pag-init ng mundo kaya kailangan ang tamang pangangasiwa sa ating mga basura.

• Panatilihin ang kalusugan ng mga kagubatan upang maprotektahan ang mga tirahan sa pagguho ng mga lupa dala ng masasamang panahon.

## PAG-ANGKOP

• Banta ang pag-init ng tubig dagat sa mga bahura kaya't dapat palakasin ang pangangasiwa ng mga Marine Protected Area (MPA).

• Maging masinop sa pag-iipon ng tubig-ulan upang maging handa sa pabago-bagong lagay ng panahon.